**LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO**

**GENERAL SERVICES AGENCY**
**OFFICE OF LABOR STANDARDS ENFORCEMENT**
**PATRICK MULLIGAN, DIREKTOR**

# Ordinansa ukol sa Pananagutan sa Pangangalaga ng Kalusugan (Health Care Accountability Ordinance, HCAO)
# PROGRAMA PARA SA MGA PAMANTAYAN NG KALIDAD (QUALITY STANDARDS PROGRAM, QSP) NG SFO
# ALAMIN ANG INYONG MGA KARAPATAN – HULYO 1, 2023

Layunin ng abisong ito na bigyan kayo ng impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan sa ilalim ng Ordinansa ukol sa Pananagutan sa Pangangalaga ng Kalusugan (Health Care Accountability Ordinance, HCAO). Itinatakda ng HCAO sa inyong taga-empleyo na magkaloob ng mga benepisyo para sa planong pangkalusugan ng pamilya (family health plan benefits) sa nasasakop na mga empleyado at kanilang dependents (umaasa sa kanila), o magbayad sa ngalan ng nasasakop na mga empleyado sa programang City Option ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan (Department of Public Health). **Kung nagtatrabaho kayo para sa QSP na taga-empleyo sa SFO, sakop na empleyado kayo at kailangang pumili ang inyong taga-empleyo ng isa sa mga sumusunod na opsiyon:**

1. **BIGYAN KAYO NG SUMUSUNOD SA BATAS NA FAMILY HEALTH PLAN PARA SA INYO AT SA INYONG DEPENDENTS NA TUMUTUGON SA ITINATAKDA NG BATAS PARA SA PLANONG PANGKALUSUGAN**
   • Hindi puwedeng itakda sa inyo ng taga-empleyo na mag-ambag ng anumang halaga tungo sa premium para sa nasasakop ng plano para sa kalusugan ng pamilya (family health plan coverage).
   • Kailangang magsimula ang pagkakasakop o coverage nang hindi lalampas sa Marso 21, 2021, o, para sa empleyadong na-empleyo matapos ang petsang ito, sa unang araw ng buwan, na magsisimula makalipas ang 30 araw mula sa pagsisimula ng pagkaka-empleyo.

**O**

2. **MAGBAYAD NG $10.30 KADA ORAS NG PAGTATRABAHO SA CITY OPTION PARA SA PANGANGALAGA NG INYONG KALUSUGAN**
   • Kapag hindi nagkaloob ang inyong taga-empleyo ng sumusunod sa batas na family health plan na tumutugon sa itinatakda para sa planong pangkalusugan, kailangang magbayad ang taga-empleyo ninyo ng $10.30 kada oras ng pagtatrabaho ninyo (hanggang sa 40 oras sa isang linggo) sa City Option, na programa ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan (Department of Public Health) para sa pagkakaloob ng benepisyong pangkalusugan.

**Walang itinatakdang minimum na oras** sa mga empleyado ng QSP na taga-empleyo sa SFO upang maging kuwalipikado para sa mga benepisyong ito sa pangangalaga ng kalusugan. Puwedeng pumili ang taga-empleyo kung alin sa mga opsiyon sa itaas ang gusto nilang sundin. Iniaatas sa Opisina para sa Pagpapatupad ng mga Pamantayan sa Paggawa (Office of Labor Standards Enforcement, OLSE) ang pagpapatupad sa Ordinansang ito. Hihilingin sa inyong pirmahan ang dokumentong ito matapos ninyong marepaso ang sumusunod na impormasyon. Huwag pirmahan ang dokumentong ito hanggang sa lubos na ninyong naiintindihan ang inyong mga karapatan sa ilalim ng batas na ito.

**MGA HINDI KASAMA SA PAGKAKASAKOP**
Hindi kasama sa ilalim ng HCAO ang ilang kategorya ng mga empleyado, kasama na ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, mga estudyante, trainee (nagsasanay) at empleyado ng taga-empleyo na sakop ng mga kasalukuyang Itinatakda ukol sa Sahod (Prevailing Wage requirements). Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa https://sf.gov/information/understand-health-care-accountability-ordinance o tumawag sa (415) 554-7903.

**BOLUNTARYONG PAGTANGGI O PAGWAWAKSI SA PAGKAKASAKOP (WAIVER OF COVERAGE)**
Puwedeng tanggihan ng empleyado ang pagkakasakop sa kalusugan na iniaalok ng tag-empleyo kapag pinirmahan ng empleyado ang Form para sa Boluntaryong Pagtanggi (Voluntary Waiver Form). Posibleng bawiin ang boluntaryong waiver na ito sa anumang panahon.

**IPINAGBABAWAL ANG PAGGANTI**
Hindi kayo puwedeng gantihan ng inyong taga-empleyo at hindi rin puwedeng gantihan ang sinumang iba pang empleyado nang dahil gusto ninyong malaman pa ang tungkol sa HCAO o ginagamit ninyo ang inyong mga karapatan sa ilalim ng batas. Kung naniniwala kayong nakaranas kayo ng diskriminasyon o pagganti dahil nagtanong kayo tungkol sa inyong mga karapatan, o ginamit ninyo ang mga karapatang ito sa ilalim ng HCAO, kontakin ang OLSE sa (415) 554-7903 upang mag-file ng HCAO na reklamo.
Huwag pirmahan ang dokumentong ito hanggang sa lubos na ninyong naiintindihan ang inyong mga karapatan sa ilalim ng batas na ito. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa mga reponsibilidad ng inyong taga-empleyo o sa inyong mga karapatan sa ilalim ng Ordinansang ito, kontakin ang OLSE sa (415) 554-7903 o bisitahin ang https://sf.gov/information/understand-health-care-accountability-ordinance para sa iba pang impormasyon tungkol sa batas na ito.

Pangalan ng Empleyado  Petsa

Lagda ng Empleyado

**Para asistencia en Español, llame al (415) 554-7903**  **需要中文幫助，請電 (415) 554-7903**

**Para sa tulong sa Filipino, mangyaring tumawag sa (415)-554-7903**

**Revised 11/2023**

*TANDAAN: Para sa iba pang impormasyon tungkol sa Ordinansa ukol sa Pananagutan sa Pangangalaga ng Kalusugan (Health Care Accountability Ordinance) o sa Minimum na mga Pamantayan, bisitahin ang https://sf.gov/information/understand-health-care-accountability-ordinance.*